

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ang Brampton Sports Hall of Fame ay nag-i-induct ng anim na bagong miyembro**

BRAMPTON, ON (Marso 29, 2022) – Bawat taon, ang Brampton Sports Hall of Fame (BSHF) ay ipinagdidiriwang ang mga tagumpay ng mga indibidwal na nakagawa ng napakahusay na mga ambag sa pag-unlad ng sport sa Brampton. Sa 2022, tinatanggap ng Brampton Sports Hall of Fame ang anim na bagong inductees para sa kahusayan sa sport.

Si **Frank Fascia** ay pormal na tatanggapin sa Builder category para sa kanyang dedikasyon sa baseball. Nagsimula siyang maglaro sa minor baseball sa Brampton noong 1983, at nagpatuloy para maglaro sa NCAA. Siya ay isang miyembro ng tagapagtatag ng Brampton Senior Twins noong 1991, nag-coach sa Brampton Minor Baseball Inc. noong 2007 at naglingkod sa sari-saring posisyon sa COBA at Baseball Ontario. Sa 2022, pinangalanan siyang head coach ng inaugural baseball team sa Sheridan College.

Si **Praimnauth (Praim) Persaud** ay pormal na tatanggapin sa Builder category para sa kanyang dedikasyon sa cricket. Ang dating cricket player at administrator na ito ay pormal na tinanggap sa United States of America Cricket Hall of Fame noong 2020 para sa kanyang 45 taong serbisyo sa paglago at pag-unlad sa Quebec sa loob ng 10 taon bago ang kanyang pagkakaugnay sa Ontario sa loob ng nakalipas na 35 taon. Gumanap siya ng malaking papel sa paglago ng cricket sa Brampton, kung saan lumaki ang cricket mula 15 club papunta sa 62 pagkalipas ng limang taon lamang.

Si **Pat O'Toole** ay pormal na tatanggapin sa Athlete category para sa kanyang dedikasyon sa lacrosse. Naninirahan siya sa Brampton mula 1998, at mula noon ay pinarangalan para sa kanyang mga tagumpay bilang isang manlalaro at coach sa kapwa box at field lacrosse sa minor, major at internasyonal na mga level. Nilaro niya ang 12 sa kanyang 16 na season kasama ang Rochester Knighthawks, kung saan aktibo pa rin siya bilang assistant coach. Siya ay dati ring Presidente ng Brampton Minor Lacrosse Association.

Si **Tamara Tatham** ay pormal na tatanggapin sa Athlete category para sa kanyang dedikasyon sa basketball. Kabilang sa kanyang karera ng paglalaro sa buong daigdig ang 164 games na kinakatawan ang Canada, 157 sa senior level simula sa 2007. Nanalo siya ng ginto sa 2015 FIBA America's qualifying tournament at sa 2015 Pan Am Games. Naglaro rin siya sa 2012 at 2016 Olympics, at nagkamit ng maraming title sa labas ng bansa. Matapos siyang mag-retire, naglingkod siya bilang isang coach para sa ilang team.

Si **Dev Sharma** ay pormal na tatanggapin sa Veteran category para sa kanyang dedikasyon sa track and field. Nagkamit siya ng maraming medalya, kahit na nang mag-80 taong gulang

siya noong 2015. Mula 1988 hanggang 2016, nakakolekta siya ng 203 medalya, kabilang ang mga medal sa Canadian Masters Athletics Indoor at Outdoor Championships at sa Ontario Masters Athletics Indoors at Outdoor Championships. Nakipagpaligsahan din siya at nanalo ng mga medalya sa 2016 Canada 55+ Games sa Brampton at sa Brampton District 55+ Games.

Si **Wally Slocki** ay pormal na tatanggapin sa Veteran category para sa kanyang dedikasyon sa martial arts. Siya ay isang black belt na nanalo ng maraming tropeo bilang isang contestant at kinilala bilang “the Legendary Canadian” sa mga tournament sa buong Estados Unidos. Nanalo siya sa Canadian championship noong 1967, 1968 at 1970, at sa Ontario championship sa 1972, 1973 at 1974. Si Slocki ay may hilig sa pagtuturo at sa huling bahagi ng 1960’s binuksan ang Eastern Karate sa downtown Brampton, na lumaki sa kalaunan na kilalang Canadian School of Health and Self Defense. Nagpapatuloy siya sa pagsasanay at pagtuturo sa pinasadyang mga corporate management seminar.

Para malaman ang mas marami pa tungkol sa Brampton Sports Hall of Fame at sa mga inductee nito, bisitahin ang [www.brampton.ca/bshf](http://www.brampton.ca/bshf).

Ang Brampton Sports Hall of Fame ay itinatag noong 1979 ng isang pangkat ng dedicated na mahihilig sa sport na kaayon sa Lungsod ng Brampton. Matatagpuan ito sa CAA Centre sa 7575 Kennedy Road South.

### 2022 Induction Ceremony

Ang ika-41 na taunang Brampton Sports Hall of Fame Induction Ceremony ay magaganap sa Martes, Mayo 3 sa 6 pm sa The Rose Brampton, na nagtatampok sa keynote speaker na si Ken Reid ng Sportsnet Central at Sportsnet 590 The FAN. Ang mga tiket ay \$55 at mabibili sa [www.rosetheatre.ca](http://www.rosetheatre.ca).

### 2023 Nominasyon

May kilala ba kayong isang tao na nakagawa ng outstanding na ambag sa sports sa ating lungsod? I-download ang isang pang-nominasyon na form para sa 2023! Tatanggapin ang mga nominasyon hanggang Hunyo 15, 2022.

### **Mga Quote**

“Maligayang bati sa lahat ng Brampton Sports Hall of Fame Class ng 2022! Ang mga inductee sa taon na ito ay nakagawa ng outstanding na mga ambag at tagumpay sa sport sa ating komunidad na nagpapakita ng liderato at sigla. Napaka-proud natin na tinatawag ng mga inductee na ito ang Brampton na tahanan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ikinararangal ng Brampton Sports Hall of Fame ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap ng sport sa ating lungsod. Ang mga inductee sa 2022 ay mga natatanging lider na naghatid ng dangal at inspirasyon sa Brampton sa buong karera nila sa sport. Iniimbitahan ko ang lahat na

dumalo sa personal na induction ceremony sa Mayo 3 upang ipagdiwang ang sport sa ating komunidad.”

- *Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod Wards 3 at 4; Miyembro, Brampton Sports Hall of Fame Committee, Lungsod ng Brampton*

“Excited tayong ianunsyo ang mga inductee ng 2022 Brampton Sports Hall of Fame . ang anim na bagong inductee ay mga indibidwal na committed sa pagpapasulong sa sport sa ating komunidad. Kung may kilala kayong isang tao na nakagawa ng napakalaking kontribusyon sa sport sa Brampton – i-nominate sila para sa 2023.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Miyembro, Brampton Sports Hall of Fame Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Sports Hall of Fame ay ipinagbubunyi ang sport sa ating komunidad at ang outstanding na mga indibidwal na nagpasulong sa athletics sa Brampton at lampas pa. Sumali sa amin sa Mayo para sa induction ceremony, at mag-nominate ng isang tao para sa 2023.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)